# BIBLE STUDY

## Nehemiah 2:11-20

December 10-16

Pagtuklas ✦ Pag-Unawa ✦ Pagtugon

# MAHALAGANG Prinsipyo sa Buhay

## Nehemiah 2:11-20

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# Nehemiah 2:11-20

Magandang Balita Biblia

## Ang Muling Pagtatayo ng Pader

11 Dumating ako sa Jerusalem. Tatlong araw na ako
roon ay 12 hindi ko pa ipinaalam kaninuman ang
ipinagagawa sa akin ng Diyos tungkol sa Jerusalem. Sa
gabi nang ikatlong araw, gumising ako at lumabas ng
lunsod na may ilang kasama. Ang tanging hayop na
dinala namin ay ang asnong aking sinasakyan.

# Nehemiah 2:11-20

Magandang Balita Biblia

13 Lumabas ako sa Pintuan ng Libis sa daang patungo
sa Bukal ng Dragon hanggang sa pintuang papunta sa
tapunan ng basura. Sinuri kong mabuti ang giba-gibang
pader ng Jerusalem at ang mga nasunog nitong
pintuan. 14 Nagpatuloy ako sa Pintuang Bukal
hanggang sa Paliguan ng Hari. Pagdating doon, walang
madaanan ang sinasakyan kong asno. 15 Kaya't
naglakad ako patungong Libis at siniyasat ko ang pader.
Pagkatapos ay muli akong pumasok sa Pintuan ng Libis
pabalik.

# Nehemiah 2:11-20

Magandang Balita Biblia

16 Hindi alam ng mga pinuno kung saan ako nanggaling
at kung ano ang aking ginawa. Wala pa rin akong
sinasabi sa mga Judio—sa mga pari, mga pinuno, mga
opisyal, at sa iba pang magkakaroon ng bahagi sa
gawain.
17 Pagkatapos, sinabi ko sa kanila, “Nakikita ninyo ang
kalunus-lunos na kalagayan ng ating bayan. Wasak ang
Jerusalem at sunog ang mga pintuan nito. Itayo nating
muli ang pader ng lunsod upang mahango na tayo sa
kahihiyan.”

# Nehemiah 2:11-20

Magandang Balita Biblia

18 At sinabi ko sa kanila kung paano ako pinagpala ng
Diyos at kung ano ang sinabi sa akin ng hari.
“Kung gayon, simulan na natin ang pagtatayo,” ang
sagot nila. Kaya't naghanda nga sila upang simulan ang
gawain.
19 Ngunit nang malaman ito nina Sanbalat na Horonita
at Tobias na isang opisyal na Ammonita, at maging si
Gesem na taga-Arabia, pinagtawanan nila kami at
hinamak, at sinabing, “Ano ang ginagawa ninyong iyan?
Naghihimagsik ba kayo laban sa hari?”

# Nehemiah 2:11-20

Magandang Balita Biblia

20 Sinagot ko sila, “Pagtatagumpayin kami ng Diyos ng kalangitan, at kami na kanyang mga lingkod ay magsisimula nang magtayo. Ngunit kayo'y walang bahagi, karapatan o alaala man sa Jerusalem.”

# MAHALAGANG
## Prinsipyo sa Buhay

"Aalamin ko ang kagustuhan ng Diyos at mananatili akong matatatag sa gawain na ipinagkatiwala Niya sa akin."



# PAGTUKLAS 1

Nehemiah 2:11-20

Ano ang purpose ni Nehemiah sa kanyang pagpunta sa Jerusalem?

PAGTUKLAS 2

Nehemiah 2:11-20

Ano ang unang ginawa
ni Nehemias sa
Jerusalem bago
ipaalam ang kanyang
layunin sa mga tao?

PAGTUKLAS 3

Nehemiah 2:11-20

Paano nag-respond ang mga karakter sa passage kay Nehemias, lalo na sa mga Judio na inimbita niya, at sa mga dayuhang binanggit?

## PAG-UNAWA 1

Nehemiah 2:11-20

# Ano ang simbolismo ng "pader" at bakit nakakahiya na ang pader ay nasa ganitong kalagayan? Ano ang maidudulot ng pagsasasaaayos ng pader, sa Israel?

PAG-UNAWA 2

Nehemiah 2:11-20

Kahit bago siya pumunta sa Jerusalem, paano nag-prepare si Nehemias para sa darating na gawain? Paano nakatulong ang paggawa ng mga bagay na ito sa kanya?

PAG-UNAWA 3

Nehemiah 2:11-20

# Ano ang kaakibat ng pagiging mga lingkod ni Kristo?

# PAGTUGON 1

1 Juan 2:3-6

Mayroon bang pasanin na inilagay ng Panginoon sa iyong puso na nangangailangan ng iyong aksyon, o nakatanggap ka ba ng imbitasyon na sumama sa gawain para sa Panginoon? Ano ang iyong nagawa bilang tugon dito?



# PAGTUGON 2

1 Juan 2:3-6

Paano mo maaaring tularan ang halimbawa ni Nehemias kapag: a) may bagong gawain o pagkakataon, o b) kapag may mga taong nagdadala sa iyo ng discouragement sa paggawa ng gawain ng Panginoon?

# MAHALAGANG
## Prinsipyo sa Buhay

"Aalamin ko ang kagustuhan ng Diyos at mananatili akong matatag sa gawain na ipinagkatiwala Niya sa akin."



# MAHALAGANG Prinsipyo sa Buhay

## Nehemiah 2:11-20

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# Closing Prayer



# BIBLE STUDY

## Nehemiah 2:11-20

See You Next Week

Pagtuklas ✦ Pag-Unawa ✦ Pagtugon

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

## Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584